Washington State Department of Social & Health Services

Transforming lives

Abiso tungkol sa Mga Kasanayan sa Privacy ng DSHS para sa Medikal na Impormasyon ng Kliyente
DSHS Notice of Privacy Practices for Client Medical Information
Epektibo mula Setyembre 23, 2013

Dapat kang abisuhan ng DSHS tungkol sa iyong mga karapatan sa privacy alinsunod sa Health Information Portability and Accountability Act (HIPAA). (45 CFR 164.520). Ang DSHS ay isang "hybrid na entity." Hindi sinasaklaw ng HIPAA ang buong DSHS, ang mga programa lang na nakalista bilang Health Care Components on the DSHS website ang sinasaklaw ng HIPPA. Ang abisong ito ay nalalapat lang sa mga kliyenteng nasa ilalim ng mga sinasaklaw na programang iyon. Hindi naaapektuhan ng abisong ito ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng DSHS.

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at kung paaano mo makukuha ang impormasyong ito. Pakisuri ito nang mabuti.

Ano ang PHI?

Ang Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information o PHI) ay medikal na impormasyon ng kliyente na hinahawakan ng mga bahagi ng DSHS na sinasaklaw ng HIPAA. Ang PHI ay medikal na impormasyong nauugnay sa iyo tungkol sa katayuan o kundisyon ng iyong kalusugan, sa pangangalaga sa kalusugang tinatanggap mo, o sa bayad para sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Dapat protektahan ng DSHS ang iyong PHI alinsunod sa batas.

Anong PHI ang mayroon ang DSHS tungkol sa akin?

Upang tulungan kaming pagsilbihan ka, maaaring kailanganin mong ibigay sa amin ang medikal na impormasyon o impormasyon tungkol sa kalusugan, kasama ang iyong lokasyon, pinansyal na impormasyon o mga medikal na tala. Maaari din kaming kumuha ng PHI tungkol sa iyo mula sa mga ibang pinagmulan na kinakailangan upang pagsilbihan ka o upang bayaran ang iyong pangangalaga.

Sino ang nakakakita sa aking PHI?

Nakikita namin ang pinakakaunting PHI lang na kailangan namin upang gawin ang aming mga trabaho. Maaari naming ibahagi ang PHI sa mga ibang programa o tao kung pinapayagan ng batas o kung pinapahintulutan mo. Halimbawa, ang iyong PHI ay maaaring ibigay sa at gamitin ng Awtoridad sa Pangangalaga sa Kalusugan at ng mga ibang provider ng pangangalaga sa kalusugan upang isaayos at bayaran ang iyong pangangalaga sa kalusugan. Maaari naming ibahagi ang PHI mula sa nakaraan, sa kasalukuyan o sa hinaharap.

Anong PHI ang ibinabahagi ng DSHS?

Ibinabahagi lang namin ang iyong PHI na kailangan ng mga ibang tao upang gawin ang kanilang trabaho at alinsunod sa pinapayagan ng batas. Maaari kang humiling ng listahan ng mga taong nakakita sa iyong PHI para sa ilang layunin.

Kailan ibinabahagi ng DSHS ang PHI?

Ibinabahagi namin ang PHI sa "batayan na pangangailangan upang malaman" upang isaayos ang mga serbisyo at para sa panggagamot, bayad at mga operasyon sa pangangalaga sa kalusugan. Halimbawa, maaari naming ibahagi ang impormasyon upang magpasya kung:

- Dapat ibigay ang medikal na panggagamot.
- Maaari naming bayaran ang mga serbisyo ng mga provider ng pangangalaga sa kalusugan.
- Kwalipikado ka para sa mga programa ng DSHS.
- Tumutugon sa mga legal na pamantayan ang pangangalagang nakukuha mo mula sa mga provider.

Maaari ko bang makita ang aking PHI?

Maaari mong makita ang iyong PHI. Kung hihilingin mo, makakakuha ka ng kopya ng iyong PHI. Maaari kang singilin ng DSHS para sa mga kopya.

Maaari ko bang baguhin ang aking PHI?

Kung sa palagay mo ay mali ang iyong PHI, maaari mong hilingin sa amin na baguhin ito o na magdagdag ng bagong PHI. Maaari mo ring hilingin na ipadala namin ang anumang mga pagbabago sa mga ibang tao na may mga kopya ng iyong PHI.

Paano kung may iba pang nangangailangan sa aking PHI?

Maaaring hilingin sa iyong lumagda ng form upang payagan kaming ibahagi ang iyong PHI kung:

- Kailangan namin ang iyong pahintulot upang magbigay ng mga serbisyo o pangangalaga;
- Gusto mong ipadala namin ang iyong PHI sa isa pang ahensya o provider para sa mga dahilang hindi pinapayagan ng batas nang wala ang iyong pahintulo
- Gusto mong ipadala ang PHI sa isa pang tao, gaya ng iyong abugado, kamag-anak o iba pang kinatawan.

Ang iyong pahintulot upang ibahagi ang iyong PHI ay may bisa hanggang sa petsa ng pagtatapos na ilalagay mo sa form. Ang PHI lang na ililista mo ang maaari naming ibahagi. Maaari mong kanselahin o baguhin ang pahintulot na ito sa pamamagitan ng pagsulat sa DSHS.

Abiso tungkol sa Mga Kasanayan sa Privacy ng DSHS para sa Medikal na Impormasyon ng Kliyente
(DSHS Notice of Privacy Practices for Client Medical Information)
Epektibo mula Setyembre 23, 2013

Maaari bang ibahagi ng DSHS ang aking PHI nang wala ang aking pahintulot?

Sa ilang sitwasyon, maaaring ibahagi ng DSHS ang PHI nang wala ang iyong pahintulot. Alinsunod sa batas, maaaring atasan o payagan kami na ibahagi ang iyong PHI. Kasama sa ilang halimbawa ang pangangailangan na:

- Iulat ang mga insidente ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bata o matanda sa Mga Serbisyo ng Proteksyon sa Bata, sa pulis o sa mga ibang ahensya.
- Ibigay ang mga tala alinsunod sa utos ng hukuman.
- Ibigay ang PHI sa mga ibang ahensya na nagsusuri sa mga operasyon ng DSHS.
- Ibahagi ang PHI sa mga ahensya na nagbibigay ng lisensya at nag-iinspeksyon sa mga medikal na pasilidad, gaya ng mga nursing home at ospital.
- Ibahagi ang PHI sa mga provider ng serbisyo o mga ibang ahensya upang alagaan ka o kung kinakailangan upang tukuyin kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo o benepisyo.
- Ibigay ang PHI sa mga tagapag-alaga o magulang ng mga menor de edad.
- Gamitin ang PHI para sa pananaliksik.
- Gamitin o ibunyag ang PHI sa sitwasyon ng emergency o para sa mga layunin ng kaginhawahan sa sakuna.

Maaari ko bang lagyan ng mga limitasyon ang pagbabahagi sa aking PHI at kung paano ko ito makukuha?

Maaari mong hilingin sa amin na limitahan ang paggamit at pagbabahagi sa iyong PHI ngunit hindi namin kailangang sumang-ayon. Maaari mo ring hilingin na ipadala namin sa iyo ang iyong PHI sa ibang format o sa ibang lokasyon.

Ano ang isang paglabag?

Ang paglabag ay ang paggamit o pagbubunyag ng iyong PHI na hindi pinapahintulutan alinsunod sa HIPAA, kasama ang pagkawala dahil sa pagnanakaw, pagkakamali o pagka-hack. Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng koreo kung may paglabag sa iyong PHI alinsunod sa HIPAA.

Maaari ba akong magkaroon ng kopya ng abisong ito?

Oo. Sa iyo ang abisong ito upang itabi. Kung natanggap mo ang abisong ito sa electronic na paraan, maaari kang humiling ng naka-print na kopya at bibigyan ka namin.

Paano kung magbago ang mga kasanayan sa privacy ng PHI?

Inaatasan kaming sumunod sa abisong ito. May karapatan kaming baguhin ang abisong ito. Kung magbabago ang mga batas o ang aming mga kasanayan sa privacy, padadalhan ka namin ng impormasyon tungkol sa bagong abiso at kung saan mo ito makikita o ipadadala ito sa iyo.

Kanino ako makikipag-ugnayan kung may mga tanong ako tungkol sa abisong ito o sa aking mga karapatan sa PHI?

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa abisong ito, maaari kang makipag-ugnayan sa Privacy Officer ng DSHS sa DSHSPrivacyOfficer@dshs.wa.gov o sa (360) 902-8278.

Paano ako mag-uulat ng paglabag sa aking mga karapatan sa privacy ng PHI?

Kung naniniwala ka na nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy ng PHI, maari kang maghain ng reklamo sa:

Ang DSHS Privacy Officer, Department of Social and Health Services, PO Box 45135, Olympia WA 98504-5135 o sa pamamagitan ng email sa DSHSPrivacyOfficer@dshs.wa.gov . Kung maghahain ka ng reklamo, hindi babaguhin o ihihinto ng DSHS ang iyong mga serbisyo at hindi dapat gumanti laban sa iyo.

O

Isumite online ang iyong reklamo sa: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp/complaint_frontpage.jsf o sa pamamagitan ng pagsulat sa: Office for Civil Rights, US Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue, S.W., Room 509F HHH Bldg., Washington, D.C. 20201, telepono (800) 368-1019. Ang anumang mga reklamo sa DHHS ay dapat gawin sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng hinahabol na paglabag sa privacy.